

# 1

“S’an ka galing, Dad?” agad na salubong ni Diana Santiago sa bagong dating pagkapasok nito sa kanilang pinto.

Dalawang araw pa lamang mula nang dumating ang kanyang amang si Joaquin Santiago. Nagtatrabaho ito bilang kapitan ng isang cruise ship at halos isang beses lang sa dalawang buwan kung umuwi. Kaya naman gusto ni Diana na palagi silang magkasama sa tuwing nasa bahay ito. Kanina ay tulog pa siya nang umalis ang ama niya, kaya hindi na niya natanong kung saan ang punta nito.

“May kinausap lang akong kaibigan, anak,” anito matapos halikan ang kanyang noo.

“Sinong kaibigan mo? Si Miss Meredith ba?” Napapansin kasi niya na sa tuwing uuwi ang magulang ay madalas itong nakikipagkita sa biyuda ng dating mayor ng San Sebastian kung saan sila nakatira.

Nakita niya ang pagkislap ng mga mata ni Joaquin at inabot ang kanyang kamay. “Puwede ba tayong mag-usap?”

Hindi niya alam kung bakit bigla siyang kinabahan sa sinabi nito sa kabilang masaya nitong mukha.

“O-opo...”

### *Finally Mine - Jade Anne Franco*

---

Iginiya siya nito patungo sa hardin sa likod ng bahay kung saan siya madalas na tumambay. It was summer break from school at sa susunod na pasukan ay magti-third year high school na siya.

“Tungkol saan ang pag-uusapan natin, Dad?” tanong niya matapos maupo sa cushioned oak bench, may nakapagitan din sa kanila na kuwadradong lamesa na gawa rin sa parehong kahoy.

Seryoso muna siyang tiningnan ng kanyang ama bago ito nagsalita, “What do you think of Miss Meredith, anak?”

Napakunot-noo si Diana. “Ano’ng ibig mong sabihin, Dad?”

Kumibit-balikat ito. “Do you find her nice?”

“I’ve only met her three times, Dad, so hindi ko sure kung ano ang sasabihin ko. But so far, she seems nice and very pretty, too. Gan’un din ’yung anak niya, what’s her name?”

“Jane,” agap nito.

“Yes, Jane... she seems nice as well. But she’s older than me so we don’t really talk much.”

“She’s only two years older than you, anak, and she speaks very highly of you. Jane adores you, and so does Meredith...”

Napangiti si Diana, may relief na naramdamang. Hindi niya inasahang ganoon ang pagtingin sa kanya ng mag-inam. The few times they met, usually ay dinner sa labas kasama ang kanyang ama, they were rather reserved and she was always intimidated.

*Finally Mine - Jade Anne Franco*

---

So it was good to know that they liked her.

“So what about them, Dad?”

Unti-unting napuno ng tensyon ang mukha ni Joaquin.  
“Well, Diana... Just remember na hindi ko ’to gagawin kung  
hindi mo gusto.”

“What is it?” Talagang naiinip na siya.

“Well, your mother has been gone for more than five years  
now, and it’s quite lonely having no one else with me to raise  
you... I find Meredith a very lovely and respectable woman and  
I thought that she would be a perfect stepmother for you...”

Napakurap-kurap si Diana, saglit na hinintay kung ano ang  
mararamdam sa kasasabi lang ng ama. “Mahal mo ba siya,  
Dad?” pagkaraan ay tanong niya.

“Yes, baby, I think I do...”

“Does she make you happy?”

Tumango-tango ito. “She does... but your happiness means  
more to me than anything else, Diana. Kaya kung hindi mo gustong  
muli akong magpakasal, then forget that I even mentioned—”

“It’s fine!” putol niya rito, unti-unti nang napupuno ng  
excitement ang dibdib. “You can marry her if you want to, Dad.  
I’m happy when you’re happy...”

Parang nabawasan ang pasanin ni Joaquin sa kanyang

### *Finally Mine - Jade Anne Franco*

---

sinabi, napabuga ito ng hangin. “Oh, hija, thank you so much!” Mabilis siyang tumayo para pumaloob sa yakap ng ama. “We will be a happy family, anak... and I know you deserve one.”

Mahigpit itong niyakap ni Diana bago kumawala rito at excited na tumalon-talon. “I’m gonna have a sister, Dad!” excited niyang bulalas, “And a mom! A second mom, I feel very lucky!” totoo sa loob niyang saad.

Her mother died of heart attack, bata pa lamang ito ay may problema na sa puso. And she got weaker and weaker as time went on, kaya hindi na sorpresa sa kanila ang pagkawala nito. But it had been just as sad and heartbreaking. Her mom was a gentle soul, a loving wife and mother. At kahit matagal na itong wala ay nasa puso pa rin niya ang init ng pagmamahal nito.

And now she was given a chance to have another lovely mother. Muli siyang napangiti at nilingon ang ama na malawak din ang pagkakangiti habang nakatingin sa kanya.

“Once I go to work again, hindi na lamang mga katulong ang makakasama mo, Diana. Meredith and Jane will be moving here after the wedding...”

Mas lalong nagdiwang ang kanyang puso. “That is wonderful, Dad! Kelan ang plano n’yong kasal?”

“By the end of the month, before I leave... is that okay?”

“It’s perfect!”

“Okay, I need to do some phone calls, anak. Take a shower soon, bibisita sila for dinner.”

“Okay, Dad!” mabilis niyang sagot at excited na lumapit sa rose garden nila ng kanyang Yaya Berta. She was sure that the old lady wouldn’t mind her cutting off a few stems para ibigay niya sa kanyang future stepmother.

Nakakatatlong bulaklak pa lamang si Diana nang biglang may magsalita sa likuran niya.

“Three roses mean I love you...”

Halos tumakas ang puso sa kanyang dibdib dahil sa pagkabigla na nilingon niya ang nagsalita. It was Meynard, anak ng kanilang kapitbahay na matalik na kaibigan ng kanyang daddy.

“You scared me,” reklamo niya at napabuntong-hiningang binalikan ang pagpili ng pinakamagagandang rosas para kay Meredith.

“Para kanino ’yan? Don’t tell me, ibibigay mo sa crush mo. Boys are usually the ones who give the flowers, you know...” patuloy pa rin ng binatilyong nakasunod sa bawat hakbang niya.

Sa tingin niya sa kapitbahay ay kagising lang dahil nakasuot lamang ito ng sando at pambahay na shorts. Ang tsinelas nito ay pambahay rin. “This is for my soon-to-be stepmommy,” proud niyang paliwanag at tiningala ito, Meynard was a tall boy.

Nakita ni Diana na halos magpang-abot ang may kakapalang

### *Finally Mine - Jade Anne Franco*

---

kilay ng labing-pitong taong gulang na kababata. “Stepmom? Sino?”

“You will meet her soon. Sigurado naman akong invited kayo sa wedding ni Dad,” sagot niya at muli itong nilingon. Saka pa lamang niya napansing may bitbit itong cookie jar na puno ng chocolate cookies. Nanlaki ang mga mata niya. “Is that for me?”

Nagtatakang tiningnan nito ang bitbit na jar bago bahagyang napaigtad. “Oh, yeah, pinapabigay ni Mommy, freshly baked.”

“Yay! Tell her thank you! Pick some roses, too, and give it to her.”

Freshly baked cookies was one of her favorite things. Diana always looked forward for the next jar her Tita Nancy would send her. Minsan lang kasi ito magkaroon ng oras mag-bake ng signature recipe nito. Their catering business was at its peak, halos araw-araw itong may catering. Her husband, Donald Gonzalvez was a bank manager at barkada na ng kanyang daddy noong college days pa lang ng mga ito. They were so close that they even bought their houses in the same subdivision.

Tila litong umiling si Meynard, his lips were pressed in a thin line. Mayamaya pa ay muli itong nagsalita. “So you’re okay with your dad getting married again?”

Kumibit-balikat siya. “Why not? Mabubuo ilit ang family ko and I’ll have an instant sister, too!”

Napahugot ito ng hininga. “So si Miss Meredith nga ang pakakasalan ni Tito. I know she has a daughter.”

Hindi na siya nakapagpigel. “Yes, it’s them! Ang saya, di ba?”

“So it’s completely okay with you?” puno ng pagtatakang tanong nito.

“Yeah, they both seem nice and I really want a sister. Also once they’re married they are going to live here so hindi na ako mag-isa sa tuwing aalis si Dad.”

“You’re never alone when Tito isn’t around, anyway. ’Andiyan si Yaya Berta,’” anitong sanay na ring tawaging ‘yaya’ ang tagapag-alaga niya.

“I know, but it’s different. Teka nga, bakit ba parang ayaw mong mag-asawa ulit si Dad?” baling niya muli rito, tapos nang pumili ng mga rosas.

Kumibit-balikat si Meynard. “I’m sure you’ve heard of *Cinderella*, evil stepmom and stepsisters so and so...”

Doon ay napakunot-noo na rin si Diana, an innocent fear crept inside her. “I’ve met them, they’re both nice. At hindi naman totoo ang cliché na pag stepmother, evil na kaagad. Miss Meredith is a lovely lady.” Pakiramdam niya ay mas kinukumbinsi niya ang sarili sa sinabi.

“I hope so... And I hope Tito knows what he’s doing. Lalo’t iiwan ka niya sa kanila.”

“Okay, stop talking! You’re scaring me,” saway na niya sa kababata. Meynard would always have something negative to say sa anumang topic na buksan niya.

“Fine, anyways... alam mo naman ang daan sa bahay namin. If they start being mean to you pagkaalis ni Tito, I can always think of ways to make them think twice.”

Umikot ang mga mata niya. “It’s gonna be fine!” she said, convincing herself again. Although deep inside her, she felt reassured na kapag magkatotoo nga ang sinasabi ni Meynard ay may matatakbuhan siya. “And since na na-mention mo na rin lang ang daan sa bahay n’yo, why don’t you start using it? Sinisira mo ang shrubs ni Yaya Berta sa kaka-shortcut mo papunta dito, use the gate sometimes,” aniya.

Sa sobrang katamaran ng kababatang umikot pa sa malawak na bakuran ng kanilang mga bahay at pumasok sa gate ay gumawa ito ng sariling daan at binutasan pa ang hedge wall ni Yaya Berta para lang mabilis na makarating sa kanila.

“Alam na ’yan ni Yaya Berta, di naman ako pinagalitan,” sagot nito.

“Binobola mo kasi.” Hinati niya ang pinitas na mga bulaklak at inabot sa kababata ang isang pumpon. “Pakibigay kay Tita, tell her thank you for the cookies.” She was really thankful, paubos na ang last jar na binigay sa kanya at alam niyang buwan pa ang bibilangin bago ulit siya mabibigyan nito.

Inabot ng lalaki ang bulaklak. “Thanks!”

“Remember, kay Tita ’yan at hindi sa nililigawan mo.”

“We’ll see about that!” anitong lumulusot na sa hedge na nakapagitan sa mga bahay nila.

Meynard used to sneak in the garden when he was still in high school upang pumitas ng mga rosas para sa nililigawan nito. It only stopped when he graduated and moved to Manila for college.

Naiiling na lang na nagmadali na siyang pumasok para maligo at makapaghanda na sa pagdating ng mga panauhin.

---

“Handa na po ang hapunan,” anunsyo ni Yaya Berta.

Sabay na tumayo ang magkatabing si Meredith at ang kanyang ama. “Thanks, Berta,” ani Joaquin at inabot ang kamay ng kasintahan.

Nakangiting binalingan niya si Jane. Maputla ito ngayon,. Ayon kay Meredith ay sakitin ang anak nito at madalas sumpungin ng hika. Apparently, just like her late mother, Jane had a weak heart, too.

“Tara na, Ate, let’s eat...” nakangiti niyang aya rito.

Nilingon siya nito at tila walang ganang ngumiti bago tumayo at nagpatiuna nang sumunod sa magkapareha papasok

sa dining hall.

Inisip na lamang ni Diana na masama talaga ang pakiramdam nito kaya balewala na siyang sumunod. Nakaupo na sa kabisera ang kanyang ama at sa kanan nito ay si Meredith. Kampanteng mauupo na sana siya sa kaliwa ng ama, pero nagkasabay sila ni Jane sa paghatak ng upuan. Inasahan niyang tatabi ang dalagita sa ina nito at hahayaan siyang maupo malapit sa kanyang ama.

Sabay na lumingon ang magkapareha sa kanila. So feeling awkward, she smiled. “You can sit there,” pagpapaubaya niya which Jane answered with a much sweeter smile this time.

“Oh, sweetheart, that is very nice of you... Aren’t you adorable!” malakas na sambit ni Meredith na ikinakislap ng mga mata niya.

Napakatagal na rin mula nang makarinig siya ng ganoong endearment mula sa isang mother figure, and deep inside her, she really wanted Meredith to like her. Kaya naman tuwang-tuwa si Diana sa papuri nito. Malawak siyang ngumiti at di na pinansin na nasa pangalawang upuan siya mula sa kabisera, while Meredith and Jane sat right beside her father. Ang importante sa kanya ngayon ay magustuhan siya ni Meredith at ng magiging stepsister.

“So, darling, I’m thinking about the living situation,” umpsa ni Meredith na metikulong hinahalo ang French salad sa starter plate nito. Diana admired her long, candle-like fingers with bloody red nail polish. She must be nearing forties now, but she still

## *Finally Mine - Jade Anne Franco*

---

looked so young na parang magkapatid lang ito at ang eighteen-year-old nitong anak.

“What about it, Meredith?” untag ni Joaquin.

“Well, since the kids are okay with it, they seem to get along fine. Why don’t we just move here even before the wedding?” Inabot nito ang kamay ng lalaki at malambing na hinalikan. “And you’re leaving just three days after the wedding, I want to spend more time with you, together with our family...”

“Yes, Tito... that’s fine with me,” sa wakas ay sambit ni Jane na inikot ang paningin sa magarbo nilang dining hall. “I want to know my stepdad more at hindi ko iyon magagawa kung saglit lang tayong magkakasama sa iisang bahay.”

Nilingon siya ng kanyang ama, may awkwardness sa mga mata nito, at alam niyang hinihingi nito ang kanyang opinyon.

“What do you think, Diana?”

Diana knew the value of marriage, at kung siya lang ay mas nanaisin niyang ikasal muna sina Joaquin at Meredith bago magsama ang dalawa. But her future stepmother’s sweet yet somewhat intimidating look rattled her a bit.

“Is that okay with you, sis? Aren’t you excited to be with us?” ani Jane, matamis na nakangiti sa kanya.

Napalunok siya. “I-it’s okay, I guess...”

### *Finally Mine - Jade Anne Franco*

---

“Oh, perfect!” ani Meredith. “We shall move here tomorrow then!”

“That’s great,” anang kanyang ama na hindi maalis ang paningin sa napakagandang babaeng magiging asawa nito. “Uutusan ko ang mga katulong na linisin muna ang bakanteng kuwarto para kay Jane, it’s a bit dirty since no one has used it.”

Natigilan si Meredith. “It should be absolutely dustless. Kaunting alikabok lang ay nati-trigger ang asthma ni Jane. And I don’t want my daughter to suffer from it if it’s possible to avoid it. Anyway, you understand, don’t you, darling?” muli ay lambing nito sa kanyang ama.

“Well, the room is quite dusty lalo at hindi nagagamit. Ilang beses iyon dapat na linisin bago tuluyang maalis ang alikabok.”

Natutop nito ang dibdib, she looked devastated. “Well, I guess we’ll have to wait until the room is completely clean bago kami makalipat.”

At nakita ni Diana kung paanong tila bumagsak din ang mood ng kanyang ama nang makitang lumungkot ang mukha ni Meredith. She couldn’t stand it.

“I can share my room with Jane habang inaayos ang kabilang kuwarto,” she suggested with a smile.

“I’m not used to sharing rooms, Diana,” mabilis na kontra ni Jane. “It’s okay, Mom, and I will wait.”

### *Finally Mine - Jade Anne Franco*

---

“I’m sorry, darling...” Sa pagkakataong ito ay ang ama niya ang umabot sa kamay ng mapapangasawa. “If I had known na balak n’yo nang lumipat, I would have had the room fixed earlier.”

Malungkot lang na umiling si Meredith, she obviously wanted to be with her father as soon as possible, at ganoon din ang kanyang ama.

“J-Jane can borrow my room at kami na ang bahala nina Yaya bukas na mag-ayos ng kabilang kuwarto. It’s okay kahit medyo may alikabok, I don’t have asthma, anyway...”

Kunot-noong nilingon siya ni Joaquin. “Are you sure, anak? You don’t have to do this...”

“It’s fine, Dad. I don’t mind. And I’m really excited to have them here in our home.”

This time ay mabilis nang tumayo si Meredith, she gracefully walked toward her and gave her a hug. “You are precious, Diana. That is so nice of you... Thank you, darling!” she chanted.

And once again that feeling of being adored swept over her. Nakita rin niya ang pride sa mukha ng kanyang ama habang nakatingin sa kanila. It was really okay. Once the other room was clean, babalik din naman siya sa sarili niyang kuwarto.